WeDrawTheLines.ca.gov

555 Capitol Mall, Suite 300
Sacramento, California 95814
Call toll free: 1-866-356-5217
Fax: 916-319-9295
Email: votersfirstact@auditor.ca.gov

Mga Komisyon sa Pagbabago ng Distrito – Dumarami ang Gumagawa

Sa pagpasa ng Batas na Mga Botante MUNA, ang California ay sumama sa lumalaking bilang ng mga estado na lumilikha ng mga komisyon na gaganap ng papel sa minsan-sa-isang-dekada na proseso ng pagguhit ng mga distritong pambatasan. Ang komisyon ng California ay bubuuin ng 14 na miyembro – limang Republikano, limang Demokratiko at apat na hindi mula sa alinman sa mga partidong ito – ay pipiliin sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon/sapalarang pagpili.

Labindalawang ibang mga estado ang nagbibigay sa isang komisyon ng pangunahing responsibilidad para sa pag-aproba ng mga plano sa pagbabago ng distrito.* Dalawang estado ang gumagamit ng mga komisyon na nagpapayo, nagsusumite ng kanilang mga plano para aprobahan ng Lehislatura. Limang estado ang may mga komisyon na umaakto lamang kung ang mga Lehislatura ay hindi magkasundo sa isang plano sa pagbabago ng distrito.

Mga Estadong may mga Komisyon na Pangunahing Responsable sa Pagbabago ng Distrito

Estado	Laki ng Komisyon	Pagpili ng Miyembro
Alaska	5 miyembro	Hinihirang ng Gobernador, mga lider na Pambatasan
Arizona	5 miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan
Arkansas	3 miyembro	Ang mga pangunahing opisyal ng estado ay naglilingkod bilang mga miyembro
Colorado	11 miyembro	Hinihirang ng Gobernador, Pambatasan, Hukuman
Hawaii	9 na miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan
Idaho	6 na miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan at ng partido
Missouri	18 at 10 miyembro	Pumipili ang Gobernador mula sa mga listahan ng mga nominado ng partido
Montana	5 miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan
New Jersey	10 miyembro	Pinipili ng mga lider ng partido
Ohio	5 miyembro	Mga pangunahing opisyal ng estado ang naglilingkod
Pennsylvania	5 miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan
Washington	5 miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan

Mga Estado na may mga Nagpapayong Komisyon – Ang mga Plano ay Nangangailangan ng Pag-aprobang Pambatasan

Estado	Laki ng Komisyon	Pagpili ng Miyembro
Maine	15 miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan at ng partido
Vermont	5 miyembro	Hinihirang ng Gobernador at Punong Mahistrado

(mayroon pa)

Mga Estadong may mga "Pamalit na Komisyon" – kung Magkaroon ng Hindi Pagsulong sa Pagbabago ng Distrito

Estado	Laki ng Komisyon	Pagpili ng Miyembro
Connecticuti	9 na miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan
Illinois	8 miyembro	Hinihirang ng mga lider na Pambatasan
Mississippi	5 miyembro	Ang mga pangunahing opisyal ng estado ay naglilingkod bilang mga miyembro
Oklahoma	3 miyembro	Ang mga pangunahing opisyal ng estado ay naglilingkod bilang mga miyembro
Texas	5 miyembro	Ang mga pangunahing opisyal ng estado ay naglilingkod bilang mga miyembro

**Pinagkunan: National Conference of State Legislatures, www.ncsl.org*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito, bisitahin ang www.WeDrawtheLines.ca.gov.

###